


Pagkawasak ng AI



Adrian Ebens



Adrian Ebens, 2026

Karapatang-ari © 2026, Adrian Ebens

Maranathamedia.com

Ang moral na karapatan ng may-akda ay pormal na ipinahayag at pinagtibay.

Lahat ng karapatan ay nakalaan. Walang anumang bahagi ng publikasyong ito ang maaaring kopyahin, paramihin, o gamitin para sa komersyal na pakinabang, kabilang ang pagpapadala o paglipat nito sa anumang anyo o sa pamamagitan ng anumang paraan, elektroniko, mekanikal, pagkuha ng sipi, pag-rekord, o iba pa, ng walang paunang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglathala at mga may hawak ng karapatang-ari. Paalala, may bahagi ng mga talata na binigyang-diin ng may akda sa pamamagitan ng paggamit ng makapal na titik upang ipakita at bigyang halaga ang isang tiyak na punto na hinango mula sa mga nasabing teksto.

Maliban kung may ibang malinaw na pinagmulan na tinukoy, ang mga sipi ng Kasulatan ay kinuha sa *Bersiyong King James*.

Karapatang-ari © 1996, 2004, 2015 ng Tyndale House Foundation. Ginamit nang may pahintulot. Ang mga sipi ng Kasulatan na iniuugnay sa NKJV ay mula sa Banal na Bibliya, ang *Bagong Bersiyong King James*. Karapatang-ari © 1982 ni Thomas Nelson, Inc. Ginamit nang may pahintulot.

Ang mga sipi ng Kasulatan na iniuugnay sa YLT ay mula sa Banal na Bibliya, *Young's Literal Translation*,

Karapatang-ari© 1898, ni Robert Young, na ngayon ay kabilang na sa pampublikong dominyo.

Ang transkriptong ito at lahat ng iba pang publikasyon ng Maranatha Media ay makukuha sa aming website maranathamedia.com upang umorder ng karagdagang mga kopya, mangyaring magpadala ng email sa adrian@maranathamedia.com

Ang transkrip na ito ay

Ipinresenta ni Adrian Ebens

Isinalin sa nakasulat at sinuri ni Adam Pearce at Lorelle Ebens

Ang disenyo ng pabalat ay ginawa ni Adrian Ebens

Larawan sa Pabalat sa Shutterstock

Inilatag ang teksto sa sukat na

10.5/14 gamit ang Palatino Linotype

Inimprenta sa Australia

TRANSKRIP MULA SA
PRESENTASYON NI ADRIAN EBENS
ENERO 7, 2026

PAGKAWASAK NG AI

Panimulang Pananalita:

Pagbati sa mahal naming pamilya sa iba't ibang panig ng mundo. Ikinalulugod naming muli kayong makasama sa isa na namang presentasyon. Umaasa kami na inyong nagustuhan ang ilan sa mga awitin, lalo na ang mga mas bagong kanta. Tunay na napakagandang pagnilayan habang pinakikinggan natin ang awiting “Ang Ating Minamahal ay Tumatawag,” sapagkat hindi ba’t patuloy Niya tayong tinatawag, hakbang sa bawat hakbang, habang tayo’y sumusulong patungo sa isang matibay at hindi matinag na saligan. Habang iniisip natin ang dakilang pag-ibig ng ating mapagmahal na Ama; ito ay tunay na isang napakalaking pagpapala.

Patuloy kong pinag-aaralan ang mga salaysay sa aklat ni Josue, sapagkat balang araw ay nais kong makabuo ng isa pang aklat tungkol sa Mirror Principle na pinamagatang *The Kingdom of Heaven*, na aking nabanggit na rin noon. Marami pang mga bagay ang patuloy na lumilitaw na kapansin-pansin at makabuluhan. Ngayong gabi, dito sa Australia (para sa ilan sa inyo ay umaga na), ating tatalakayin ang pagwasak sa Ai. May ilan na nagbibiro at nagsasabing, oh, ang pagwasak ng AI, ngunit ito ay tumutukoy sa lungsod ng Ai at kung

paano ito humantong sa wakas nito. Nais nating suriin nang kaunti ang kuwentong ito. Titingnan natin ang ilang mahahalagang punto at ilang aspeto ng gramatikang Hebreo habang tayo'y nagpapatuloy. Ngunit bago ako magpatuloy, nais ko munang manalangin.

Panimulang Panalangin:

Minamahal naming Ama sa langit, kami po ay nagpapasalamat sa pagkakataong makasama ang aming mga kapatid at ang lahat ng makikinig sa pagtatanghal na ito. Kami po ay nananalangin, Ama, para sa Iyong Espiritu. Kami po ay humihiling ng huling ulan. Kami po ay nananalangin, Ama, na nawa'y maipakita namin ang Iyong larawan at ipagkaloob Mo sa amin ang Espiritu ng Iyong Anak; upang kami'y manatili sa agos ng buhay.

At kami po ay nananalangin, Ama, para sa lahat ng dumaranas ng pagsubok at mga nahaharap sa kahirapan, na nawa'y kanilang maalala na sila ay minamahal Mo at na naghanda Ka ng isang lugar para sa aming lahat. At sa lalong madaling panahon, kami ay mapapasa kahariang makalangit. Tunay naming minimithi na kami'y makapiling Ka roon.

At kami po ay nagpapasalamat sa Iyo sa pakikinig Mo sa panalanging ito, sa pangalan ni Hesus. Amen.

Presentasyon:

Kamakailan lamang ay nagsusulat ako ng isang liham para sa isang tao na marahil ay nasa pitumpung taong gulang na at hindi na rin maganda ang kalagayan. At sinabi ko sa kanya, isipin mo na sa lalong madaling panahon ay lalakad tayo sa mga lansangan ng langit, makikinig sa mga koro ng mga anghel, aawit na kasama nila, at kakain ng bunga ng Puno ng Buhay at iinom ng tubig mula sa mga batis ng buhay. Makakausap natin ang lahat ng mga banal, kapwa ang mga nabubuhay at ang mga nauna na. Napakaganda ng magiging karanasang iyon. Kaya't palakas natin ang loob ng isa't isa sa pamamagitan ng mga kaisipang ito.

Kaya nais kong tumingin tayo sa screen, at ating tatalakayin ang pagwasak sa Ai. Magsisimula tayo sa Aklat ni Josue, Kabanata 8, mga Talata 1 at 2. Ganito ang nakasaad dito:

At sinabi ng PANGINOON kay Josue: “Huwag kang matakot, at huwag kang manghina; **kunin mo** [utos]

Nilalagay ko sa panaklong ang mga pahayag kung saan nagbibigay ng utos ang Diyos. Nilagay ko rin ang salitang utos (imperative), dahil ito ay mahalaga: ang utos sa Ingles ay command, isang kautusan na gawin ang isang bagay. Ipinapakita ng Hebreo kung kailan ginagamit ng Diyos ang utos at kung kailan hindi. At nagiging kawili-wili ito sa unang dalawang talata. Kaya, nakasaad dito,

kunin mo [ito ay isang utos – imperative] ang lahat ng mga mandirigma kasama mo, at **bumangon ka** [ito ay isang utos – imperative], **umakyat ka** [ito ay isang utos – imperative] patungo sa Ai. **Tingnan mo** [o masdan – ito ay isang utos – imperative], ibinigay ko na ito sa iyong kamay

At titingnan natin ito sa susunod, kung ano ang ibig sabihin ng ibinigay sa iyong kamay. Nakasaad dito,

Ibinigay ko na sa iyong kamay ang hari ng Ai, ang kanyang bayan, ang kanyang lungsod, at ang kanyang lupain. At gagawin mo [Qal Perfect] sa Ai at sa kanyang hari ang gaya ng ginawa mo sa Jerico at sa kanyang hari.

At ito ay kawili-wili. “Gagawin mo.” Ngayon, kung binasa mo na ang lahat ng iba pang mga utos na ibinigay ng Diyos sa kanila, iisipin mo na ang pahayag na “gagawin mo sa Ai at sa kanyang hari ang gaya ng ginawa mo sa Jerico.” Kung babasahin mo ito, parang, okay, pinatay ninyo ang lahat ng tao sa Jerico maliban kay Rahab at sa kanyang pamilya. Iisipin mo na ito ay isang utos na “gawin mo sa Ai at sa kanyang hari ang gaya ng ginawa mo sa Jerico.” Ngunit ang anyong Hebreo nito ay *Qal*, na siyang pangunahing anyo ng pandiwa sa Hebreo, at ito ang pinakakaraniwan. *Qal Perfect*. Titingnan natin kung

ano ang ibig sabihin ng *Qal Perfect*. Kaya, ito ay hindi talaga isang utos. Ito ay isang pahayag. Ngunit hindi ito isang utos na imperative. Nakasaad dito,

At **gagawin mo** [*Qal Perfect*] sa Ai at sa kanyang hari ang gaya ng ginawa mo sa Jerico at sa kanyang hari. Tanging ang mga gamit at mga hayop nito ang inyong aagawin para sa inyong sarili. **Maglatag** [ito ay isang utos – imperative] ng bitag sa lungsod sa likod nito.” (Josue 8:1-2, NKJV)

Ngayon, ang salitang maglatag ay isang utos, kaya ito ay isang imperative din. Kaya, ang mga bagay na sinabi ng Diyos na dapat nilang gawin ay bumangon, kunin ang mga tao, bumangon, umakyat, tingnan, ibinigay ko na ang lungsod na ito sa inyong mga kamay, at maglatag ng bitag sa lungsod. Ngunit ang bahagi tungkol sa gawin sa hari ng Ai at sa kanyang mga tao ay hindi isang utos na imperative. Ito ay tinatawag nating *Qal Perfect*.

Sige, magpatuloy tayo sa Aklat ni Josue at pansinin natin dito ang “ibinigay sa iyong kamay.” Nais kong mapansin ninyo ang isang bagay dito. Tiningnan ko ang ibig sabihin ng “ibinigay sa kamay” at natagpuan ko ang mga talatang may kaugnayan sa prosesong ito. Ngayon, pansinin ninyo ang nakasaad dito sa Jeremias 12:7. Nakasaad dito,

Pinabayaan ko ang Aking bahay, **iniwan** Ko ang Aking pamana; Tuldok-kuwit: Ang tuldok-kuwit ay nagpapakita na ang sinabi kanina ay bibigyan ng kahulugan o paliwanag ng susunod na sasabihin.

Ibinigay ko na ang lubos na minamahal ng aking kaluluwa sa **kamay** ng kanyang mga kaaway. (Jeremias 12:7)

Kaya ang ibinigay sa iyong kamay ay nangangahulugang pinabayaan at iniwan. Kaya, kapag sinabi ng Diyos na Ibinigay ko ang Ai sa inyong mga kamay, ibig sabihin nito ay pinabayaan Niya ang Kanyang gawain na pangalagaan ang Ai at iniwan Niya ang mga tao roon. Ito ang ibig sabihin ng “ibinigay sa kanilang kamay.” Kung

pinabayaan Niya sila at iniwan, ano nga ba ang tunay na kahulugan nito? Narito ang isa pang talata sa Isaias 47:6, na nagsasabing ibinigay Niya ang Israel sa kamay ng Babilonya. At pansinin ninyo ang sinasabi Niya sa Babilonya.

Ako ay nagalit sa Aking bayan [ang galit ay nangangahulugang iniwan o pinabayaan Ko sila], pinahamak Ko ang Aking pamana, at **ibinigay Ko sila sa iyong** [ng Babilonya] **kamay**:

Pansinin ninyo ang kanyang sinasabi sa susunod.

Hindi mo sila ipinakita ng awa; sa mga sinauna ay pinasan mo nang mabigat ang iyong pamatok. (Isaias 47:6)

At ngayon ay **ibinigay Ko na ang lahat ng mga lupain na ito sa kamay** ni Nebuchadnezzar, hari ng Babilonya, ang Aking lingkod; at ibinigay Ko rin sa kanya ang mga hayop sa parang upang magsilbi sa kanya. (Jeremias 27:6)

Kaya, ibinigay Niya ang Israel sa kamay ng Babilonya, ngunit sinasabi Niya, “hindi mo sila ipinakita ng awa.” Posible kaya na sa pagbibigay ng Ai sa kamay ng Israel, umaasa Siya na maipapakita nila ang awa at mabuti sa kanila? Oo, maglatag ng pagsalakay sa lungsod. Oo, palibutan sila, gaya ng ginawa Niya sa Jerico. At kapag bumagsak na ang mga pader at sila ay napasailalim, saka lamang sila magkakaroon ng pagpipilian: tumakas, gaya ng ginawa nang nilinis ni Hesus ang templo, o yumukod, magsisi, tanggihan ang idolatriya, at hangaring matutunan ang tungkol sa buhay na Diyos. Napag-aralan na natin ito dati. Naniniwala ako na ito ang mga tulyap, ang mga tulyap ng panghihikayat o paggising ng budhi, na ito ang nais ng Diyos.

Kaya, ibinigay Niya sila sa kanyang kamay. Ngunit napapansin natin na may sinasabi ang Diyos, kapag sinabi Niya, “Gagawin mo sa Ai ang gaya ng ginawa mo sa Jerico.” Ngayon, kailangan nating tingnan ang anyo ng pandiwa, at kailangang masusing pag-aralan ito. Kaya, makikita natin dito [Josue 8:1-2] na nakasulat, “at gagawin mo,” at ito ay *Qal Perfect*. Ano nga ba ang *Qal Perfect*? Aking sinuri ito online, at

pati na rin sa E-sword tool,

Qal perfect

Pag-unawa sa Hebreong Qal Perfect

Kahulugan at Estruktura

Ang Qal Perfect ay isang anyo ng pandiwa sa Hebreo na nagpapahiwatig ng mga natapos na kilos.

Kawili-wili na kapag sinasabi, “Gagawin mo sa Ai at sa kanyang hari ang gaya ng ginawa mo sa Jerico,” ginagamit nito ang anyo ng pandiwa na para sa mga kilos na natapos na o nangyari na sa nakaraan. Kaya, bakit ginagamit ang anyong pandiwang ito?

Ito ay may katangian ng:

- Aspektong Aktibo (Active Voice): Ang paksa ang gumaganap ng kilos. (“Gagawin mo sa Ai; iyan ang paksa.)
- Simpleng Aspeto: Ang kilos ay direktso at hindi komplikado.
- Kompletong Aspekto (Perfect Tense): [Pansinin ito] Ang kilos ay natapos na, at kadalasang isinasalin sa Ingles bilang nakaraang panahon.

Bakit sa talatang ito, kapag sinabi ng Diyos na “gagawin mo sa Ai ang gaya ng ginawa mo sa Jerico,” ginagamit ang kumpletong aspekto (perfect tense)? Bakit hindi ito gumamit ng utos (imperative) o ng anyo na nasa hinaharap, isang bagay na darating pa lamang? Isinusulat ito na para bang ito ay natapos na. Ngayon, kawili-wili na mapansin natin nang kaunti pa tungkol sa *Qal Perfect*. Ang anyo ng pandiwang *Qal Perfect* ay paminsan-minsan ginagamit sa mga pahayag na propetiko. Ito ay mula sa E-sword: mga kasangkapang panpanahon, panlapi, at panlunan.

Paggamit sa Mga Pahayag na Propetiko

Sa panitikan ng propesiya, ang *Qal Perfect* ay maaaring magpahayag ng katiyakan at kasapatan.

Kaya, ito ay isang idyoma o paraan na ang bagay na malapit nang mangyari ay itinuturing na parang nangyari na. Ipinapahayag nito ang katiyakan at kasiguraduhan. Dito ginagamit ang anyo ng pandiwang ito upang maghatid ng damdamin ng katiyakan, na gaya ng pagsasabing tiyak na mangyayari ito.

Madalas itong sumasalamin sa mga kilos o pahayag ng Diyos, na binibigyang-diin na ang mga ito ay natapos na o tiyak na magaganap.

Kaya, dito nakikita natin ang paggamit ng Hebreo sa isang bagay na karaniwang ginagamit para sa mga naganap na sa nakaraan. Ngunit, sa Ingles, masasabi natin, “Parang tapos na ito. Tiyak ito. Mangyayari ito. Alam ko na mangyayari ito.”

At muli, sa mas malalim na bahagi ng E-sword tool, nakasaad,

2d) Minsan sa Hebreo, ang mga pangyayaring darating ay inilalarawan nang napakalinaw at reyalidad na itinuturing na para bang naganap na at inilalarawan gamit ang kumpletong aspekto (perfect). (E-sword: Mga Kasangkapang Panpanahon, Tinig, at Anyo ng Pandiwa)

Kaya, ito ay isang mekanismo sa Hebreo na gumagamit ng mga anyo ng pandiwa. At maaari kaya na ito ay napakalinaw para sa Diyos (na naaalala Niya ang pagkawasak ng Jerico at ang pagpatay sa lahat ng tao roon) na napakalinaw at napakatingkad, gaya ng sasabihin sa Ingles, para sa Diyos, kaya ginagamit ang anyong pandiwang ito? Na reyalidad nito, at tiyak na mangyayari.

Ngayon, pumunta tayo sa Young’s Literal Translation, dahil isinasalin nito ang *Qal Perfect* ayon sa literal na pagbasa. At pansinin ninyo ang sinasabi ng Diyos,

‘at ginawa mo [*Qal Perfect*] sa Ai at sa kanyang hari ang gaya ng

ginawa mo sa Jerico at sa kanyang hari; tanging ang mga gamit at mga hayop nito ang inyong aangkinin para sa inyong sarili; maglatag ka ng bitag sa lungsod sa likuran nito.' (Josue 8:2, YLT)

Pinapanghuhulaan ng Diyos ang hinaharap tungkol sa kung ano ang plano ng Israel na gawin. Sinasabi Niya sa kanila kung ano ang kanilang gagawin.

Kaya, sinasabi ng Diyos, "Ginawa mo na ito." Muli; maaari nating unawain ito na alam ng Diyos ang isipan ng tao at binabasa Niya ang isip ng tao, at ang tao ay naipangako na sa kanyang sarili na gagawin ito, kaya maaaring magsalita ang Diyos na para bang ito ay nangyari na. Dahil dito, mayroon din tayong elemento na tiyak ang Diyos na mangyayari ito. At dito nagiging kawili-wili na maaari mo itong basahin bilang isang utos mula sa Diyos. Muli, may konsepto ng salamin na gumaganap sa tekstong ito, sapagkat maaari itong basahin sa dalawang paraan; at may ilang aspeto ng Kasulatan na tila nagpapahiwatig na ito ay nananatiling isang uri ng utos. Maaari rin naman itong basahin bilang pagpapakita na batid ng Diyos ang gagawin ng Israel. Alam Niya kung ano ang kanilang gagawin. Dahil dito, ipinapaalam ng Diyos sa Israel ang kanilang gagawin, hindi bilang isang utos; sapagkat ang wika sa Hebreo ay hindi anyong pautos kundi isang pahayag. Paano natin bibigyang-kahulugan ang pahayag na ito?

At dito natin kailangang gamitin ang ating pagkaunawa sa karakter ni Hesus at sa Kaniyang paghahayag ng Ama. Ginagamit ba natin ang *Qal perfect* upang ipakahulugan na sinasabi ng Diyos, "Tiyak na ito ay dapat gawin, kaya kinakailangan ninyong gawin ito" Maaari itong basahin sa ganitong paraan, o kaya naman bilang, "Tiyak Akong gagawin ninyo ito, at ipinapaalam Ko sa inyo na ito ang mangyayari." At dahil dito, nabibigyan ang tao ng pagkakataong basahin ito bilang, "Kung ganoon, ano ang nais Ninyong gawin namin?" o kaya'y hanapin lamang ang kumpirmasyon ng matagal na nilang nais gawin.

At gagawin mo sa Ai at sa kaniyang hari ang gaya ng ginawa mo

sa Jerico at sa kaniyang hari: gayunman, ang mga nasamsam na ari-arian at ang mga hayop nito ay maaari ninyong kunin para sa inyong sarili: maglatag ka ng isang pananambang laban sa lungsod mula sa likuran nito. (Josue 8:2, KJV)

Muli, nasa KJV ang pahayag na “gagawin mo.” Gaya ng malinaw na nakasaad doon. Ngunit sa Young’s Literal Translation, ang ginamit ay “ginawa mo na.” Malinaw na ipinapahayag ng Young’s Literal ang diwa na tila ito ay nasa panahong nagdaan. Sa ganitong paraan, ipinakikita na ang Diyos ay ipinahuhula ang hinaharap batay sa kung ano ang pinaplano nang gawin ng Israel. Ipinapaalam Niya sa kanila kung ano ang malapit na nilang gawin.

Muli, kung nanaisin ninyo, batay sa aking pagbasa ng Kasulatan, maaari pa rin itong ipakahulugan na tiyak ang Diyos na nais Niyang mangyari ito, o maaari rin itong basahin bilang katiyakan ng Diyos na ito ang kanilang gagawin; at sila ay nakapagpasiya na at nakatalaga nang gawin ito. Dahil alam nating may ganitong kalabuan o posibilidad ng higit sa isang pagpapakahulugan sa teksto, tayong mga mambabasa ang nagpapasya kung ano ang kahulugan ng talata sa bahaging ito.

Ginamit ng KJV ang pahayag na “gagawin mo.” Tila isang utos ito, ngunit hindi ito utos. Ito ay isang pahayag lamang tungkol sa kung ano ang alam ng Diyos na gagawin ng Israel.

Napakahalagang punto ito, dahil ang Josue 8:2 ang pangunahing bahagi ng pakikilahok ng Diyos sa nangyayari sa kuwentong ito. Mula sa puntong ito, tututok tayo kay Josue at sa kaniyang pagsasakatuparan ng plano upang sirain ang lungsod ng Ai. Ngunit ang talata dalawa ay tila nag-aalok sa atin ng utos mula sa Diyos na gawin sa Ai ang gaya ng ginawa nila sa Jerico. Subalit, ang Hebreo ay hindi nagbibigay ng isang pautos; hindi ito direktang utos mula sa Diyos. Ito ay isang pahayag. At maaari nating bigyang-kahulugan ang pahayag na ito sa dalawang paraan. Ikaw ang magpapasya kung alin ang tama. Para sa akin at sa aking tahanan, ating bibigyang-kahulugan

ito batay sa makalupang buhay ni Hesus. At alam kong karamihan sa inyo ay gagawin din ang ganito.

Kaya, makikita natin dito sa Josue 8:1, na mayroon tayong

Josue 8:1

Tumindig – Pautos

Umakyat – Pautos

Tingnan/Saksi – Pautos

Josue 8:2

Gagawin mo – *Qal perfect* – Ginawa mo na.

Maglatag ng pananambang [Pautos]

Kaya, sa gitna ng lahat ng mga pautos na ito, na mga utos, mayroon tayong isang pahayag ng katotohanan. Ipinapahiwatig ko sa inyo na ang pahayag na ito ng katotohanan ay, kasabay ng iba pang mga pautos – oo, kung ikukumpara natin sa Jerico, oo, sinasabi ng Diyos na magmartsa sa paligid ng lungsod, humuni sa mga trumpeta – lahat ng ito ay mga utos ng Diyos. Sa parehong paraan, maglatag ng pananambang, gawin ang lahat ng ito; ngunit walang utos mula sa Diyos na patayin ang mga tao ng mga lungsod na ito, hindi natin ito matatagpuan. At ito ay mahalaga sa ating pagbasa ng Hebreo sa tekstong ito.

Kaya, lumipat tayo sa susunod na teksto. Dito, nais kong ipakita sa inyo ang higit pa tungkol sa *Qal perfect*, kung paano ito ginagamit upang bigyang-kahulugan ang mga kilos sa nakaraan. Ginagamit ko ang parehong salitang Hebreo at parehong anyong *Qal perfect*. Kaya makikita natin dito ang eksaktong parehong anyo ng pandiwa, eksaktong parehong pandiwa at anyo ng pandiwa na ginagamit ngayon upang ilarawan ang mga nakaraang kilos. Kaya, Exodo 18:1,

Nang marinig ni Jetro, ang pari ng Midian at biyenang ni Moises, **ang lahat ng ginawa ng Diyos** H6213 [H8804] para kay Moises at sa Israel, ang Kaniyang bayan, *at* na inilabas ng PANGINOON ang Israel mula sa Ehipto; (Exodo 18:1)

Kaya, ipinapakita nito kung paano maaaring gamitin ang anyo ng pandiwa na ito para sa mga bagay na natapos na sa nakaraan. At muli, Deuteronomio,

Ang PANGINOON ninyong Diyos na nangunguna sa inyo ay lalaban para sa inyo, **ayon sa lahat ng Kaniyang ginawa** H6213 [H8804] **para sa inyo sa Ehipto** sa inyong harapan; (Deuteronomio 1:30)

Dito, *Qal perfect*, ginawa na. Ito ay isang kilos na naganap na sa nakaraan. Eksaktong pareho ang anyo ng pandiwa nito gaya ng sa Josue 8:2. At muli, sa Deuteronomio 4:3,

Nakita ng inyong mga mata ang ginawa ng PANGINOON H6213 [H8804] **dahil kay Baalpeor**: sapagkat lahat ng mga lalaking sumunod kay Baalpeor, winasak sila ng PANGINOON ninyong Diyos mula sa gitna ninyo. (Deuteronomio 4:3)

Inilalarawan nito ang isang pangyayaring naganap na sa nakaraan at eksaktong pareho ang anyo ng pandiwa.

Kaya, tingnan naman natin ngayon ang parehong anyo ng pandiwa na ito na ginagamit para sa mga kilos sa hinaharap. At pansinin dito ang isang kawili-wiling bagay, Deuteronomio 4:25,

Kapag nakapanganak kayo ng mga anak, at mga apo pa, at kayo ay matagal nang naninirahan sa lupa, at kayo ay nagkasala at gumawa ng inukit na larawan, o ng anumang anyo, **at gumawa** H6213 [H8804] **ng masama sa paningin ng PANGINOON** ninyong Diyos upang Siya'y galitin: (Deuteronomio 4:25)

Nakakatuwang pansinin dito na hindi ginamit ang karaniwang pandiwang nasa hinaharap. Gumagamit ito ng pandiwa na karaniwang nagsasaad ng nakaraan. At ang maaari nating ipakahulugan dito ay may katiyakan na ipinapahayag sa Hebreo na si Israel ay maliligaw. Maaari rin nating sabihin na itinakda ng Diyos na sila ay maliligaw. Tiyak Siya dahil itinakda Niya ito, o alam ng Diyos

ang nasa puso ng mga anak ng Israel, at dahil dito, alam Niya ang mangyayari. Alam Niya na iiwan nila Siya at maliligaw mula sa Kanya. Kaya, ang parehong pandiwa, na karaniwang nagsasaad ng nakaraang kilos, ay ginagamit upang ilarawan ang mga kilos sa hinaharap bilang isang uri ng katiyakan. Dahil binabasa ng Diyos ang mga puso ng Israel, alam Niya kung ano ang kanilang gagawin, kaya ipinapahayag Niya ito sa ganoong paraan. Muli, 1 Hari 17:12,

At sinabi niya, Buhay ang PANGINOON mong Diyos, wala akong tinapay, kundi isang dakot na harina sa isang tapayan at kaunting langis sa isang banga: Narito, *ako'y* nagtitipon ng dalawang pirasong kahoy **upang ako'y pumasok at ihanda** H6213 [H8804] **iyon para sa akin at sa aking anak**, upang aming makain, at kami'y mamatay. (1 Hari 17:12)

Kaya, sa kaniyang isipan, ito ay isang kilos na mangyayari pa lamang sa hinaharap, ngunit ipinahahayag niya ito na tila ito ay nagawa na.

Manonood sa Online: Kaya, ito ay isang pahayag mula sa Diyos upang ilahad ang bagay na tiyak na nasa isipan na ng Israel.

Pr. Adrian: Oo, tama. Alam ng Diyos. Kaya, Kaniyang ipinapahayag kung ano ang kanilang pinaplano. Ngunit ito ay ipinahayag sa paraang maaari mo itong bigyang-kahulugan na nais ito ng Diyos. O maaari mo ring ipakahulugan na alam ng Diyos ang gagawin ninyo, at ipinapaalam Niya sa inyo kung ano ang inyong pinaplano. At muli, tayong mga mambabasa ang nagpapasya kung paano natin babasahin ang mga tekstong ito.

Kaya, muli, ang kakayahang suriin ang Hebreo at makita ang mga bagay na ito ay tunay na nakapagpapalakas ng loob. At muli, sa Josue 8:7, sa mismong talatang ating tinitingnan, si Josue ay nagsasalita.

Pagkatapos, kayo'y babangon mula sa pananambang at sasakupin ang lungsod: sapagkat **ibibigay** [Qal perfect] **ng PANGINOON ninyong Diyos ito sa inyong kamay.** (Josue 8:7)

Ginagamit upang ipahiwatig ang katiyakan – “Halos tapos na.

Ituring nang tapos. Tiyak.”

Ngayon, si Josue ang nagsasalita, at siya ay kumikilos batay sa kanyang pananampalataya, at ipinapahayag niya dito gamit ang anyong *Qal perfect*. Sinasabi niya, “Halos tapos na ito.” Ipinapakita niya ang kanyang pananampalataya at ipinapahayag ang isang pangyayaring mangyayari pa lamang sa hinaharap na parang naganap na – tungkol sa pagkakawala ng mga mamamayan ng Ai. At sa kontekstong ito, ipinapakita ni Josue ang pananampalataya, dakilang pananampalataya. Malinaw na ito ay nasa maling konteksto, ngunit ipinapakita niya ang dakilang pananampalataya.

Kaya, pansinin ngayon ang utos ni Josue dito. Binabasa natin ngayon ang Josue 8:4-8. Ito ang utos ni Josue.

At inutusan niya sila, na sinasabi, Masdan ninyo, kayo’y magbantay sa pananambang laban sa lungsod, sa likuran ng lungsod: huwag kayong lalayo nang labis sa lungsod, kundi maging handa kayong lahat: At ako, at ang buong bayang kasama ko, ay lalapit sa lungsod: at mangyayari na kapag sila’y lumabas upang salubungin kami, gaya ng una, kami’y tatakas sa harap nila, (Sapagkat sila’y lalabas upang habulin kami) hanggang sa mahila namin sila palabas ng lungsod; sapagkat sasabihin nila, Tumatakas sila sa harap natin gaya ng una: kaya’t kami’y tatakas sa harap nila. Pagkatapos, kayo’y babangon mula sa pananambang at sasakupin ang lungsod: sapagkat ibibigay ng PANGINOON ninyong Diyos ito sa inyong kamay. **At mangyayari na kapag nasakop na ninyo ang lungsod, inyong susunugin ang lungsod sa apoy: ayon sa utos ng PANGINOON ay inyong gagawin.** Tingnan ninyo [Pautos], inutusan ko kayo. (Josue 8:4-8)

Nang aking suriin ito, naisip ko, hindi ko naman nabasa sa teksto na sinabi ng Diyos na sunugin ang lungsod. Kaya bakit sinasabi ni Josue na sunugin ang lungsod? Isang bagay na aking naisip ay sa nakaraang kabanata, nang kinuha ni Acan ang mga bagay na inilaan upang

lipulin, sinabi ng Diyos na ang mga iyon ay susunugin sa apoy, na maaaring iyon ang tinutukoy ni Josue. Ngunit hindi ako lubos na tiyak, at wala rin akong sapat na panahon upang saliksikin pa ito nang mas malalim, kung bakit niya sinasabi na iniutos ng Diyos na sunugin ang lungsod, gayong ang sinabi lamang ng Diyos ay, “Ibinigay Ko sila sa inyong mga kamay.” Maliban na lamang kung kaniyang ipinaliwanag ito sa ganitong paraan: marahil sinunog din nila ang Jerico sa apoy, at naisip niya na, gagawin ninyo sa kanila ang gaya ng ginawa ninyo sa Jerico. Kaya maaaring ipinaliwanag ni Josue iyon bilang isang utos ng Diyos na gawin din sa Ai ang ginawa nila sa Jerico. Marahil doon niya ito nakuha. Hindi ako ganap na tiyak. Ngunit ito ay kawili-wiling pag-isipan.

Ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari:

1. Nagpadala si Josue ng isang pangkat na binubuo ng 5,000 lalaki upang pumuwesto para sa isang pananambang
2. Kinuha niya ang kaniyang pangunahing hukbo at nagsagawa ng harapang paglusob laban sa lungsod
3. Inilayo niya ang kaniyang mga tauhan at pinaniwala ang mga lalaki ng Ai na sila ay natalo
4. Lumabas ang mga lalaki ng Ai upang salubungin sila, at inakit ni Josue ang mga ito palabas ng lungsod.
5. Pagkatapos, nagbigay si Josue ng hudyat [itinaas ang kaniyang sibat—ito ay mababanggit pa sa bandang huli ng kabanata] upang sakupin ng 5,000 lalaki ang lungsod
6. Pumasok ang ikalawang pangkat sa lungsod at nagsimulang sunugin ito.
7. Nakita ng mga lalaki ng Ai na wala na silang pag-asa na magtagumpay.

At nang makita ni Josue at ng buong Israel na nasakop ng pananambang ang lungsod, at naakyat na ang usok mula sa

lungsod, sila'y bumaling muli **at pinatay ang mga lalaki ng Ai.**
(Josue 8:21)

Kaya, ang lahat ng mga lalaki ng Ai ay napuksa sa prosesong ito. Ngayon, nakarating tayo sa tinatawag kong pagpatay. At sinasabi rito,

